## APPLICATION

- Naniniwala ka ba na si Jesus ay ang Kristo? Naipanganak ka na ba sa Diyos? Kung hindi pa, gusto mo bang matutunan pa ang tungkol sa ginawa ni Jesus para sa iyo sa krus?
- Papaano mo mamahalin ang Diyos ng buong puso, kaluluwa, at isipan ngayong linggo? Sa anong bahagi mo kailangan pang sundin ang Diyos? Papaano mo isasapamuhay ang natutunan mo ngayong linggo?
- Nasa gitna ka ba ng paghamon na nahihirapan kang mapagtagumpayan? Papaano mo pinanghahawakan ang pangako ng Diyos na ika'y maging matagumpay?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos kung sino Siya at kung ano ang ginawa Niya para sa iyo. Pasalamatan mo Siya dahil ginawa ka Niyang matagumpay.
- Manalangin na palagi mong pagtitiwalaan, mamahalin, at susundin ang Diyos. Manalangin na makapamuhay ka sa katagumpayan sa bawat araw.
- Manalangin para sa kaligtasan ng iyong kapamilya at mga kaibigan. Humiling sa Diyos ng pagkakataon na maibahagi mo kung paano ka binago ng Diyos at kung ano ang ginawa Niya para sa atin sa krus.

VICTORY

Copyright © 2014
Permission to photocopy this material from Victory® is granted for local church use. This is not for sale.
victory.org.ph




FILIPINO **WEEK 4**

# Namumuhay sa Tagumpay

## NOTES

## WARM-UP

- Sino ang kilala mong mahilig makipagpaligsahan? Ano ang kanyang ginagawa para manalo sa isang laro o paligsahan?
- Paano mo karaniwang naipapahayag ang iyong pagmamahal sa iyong kapamilya o mga kaibigan?
- Saan ka mayroong matatag na paniniwala? Balikan ang isang natatanging pangyayari at ipaliwanag ito.

**WORD** *At sino ba ang nagtatagumpay laban sa mundo? Ang sumasampalataya na si Jesus ay Anak ng Diyos.* **1 JUAN 5:5**

---

Sa liham na ito, nililinaw ni Apostol Juan para sa mga mananampalataya kung paano naaapektuhan ng ating pananampalataya ang ating pamumuhay. Sabi niya na kung tunay tayong ipinanganak sa Diyos, mag-iiba ang ating pamumuhay—tatalikod sa kasalanan at magmamahal ng kapwa. Sa aral na ito, titingnan natin ang apat na epekto ng paniniwala sa Diyos.

## 1 Ang sinumang nananampalataya ay ipinanganak sa Diyos.

*Ang sinumang sumasampalataya na si Jesus ang Kristo ay anak ng Diyos. At ang sinumang umiibig sa ama ay umiibig din sa kanyang anak.* **1 JUAN 5:1**

Kung naniniwala tayong si Jesus ay ating Panginoon at Tagapagligtas, tayo ay ipinanganak sa Diyos—nananahan Siya sa atin at tayo ay Kanyang mga anak. Wala na tayong dapat gawin pa upang mahalin at tanggapin Niya tayo. Hinihiling lang ng Bibliya na maniwala tayo sa ganap na gawa ni Kristo sa krus. Ano ang ibig sabihin ng maniwala kay Jesus?

## 2 Ang isang mananampalataya ay mahal ang Diyos at ang Kanyang bayan.

*Sa ganitong paraan natin malalaman na iniibig natin ang mga anak ng Diyos: Kung minamahal natin ang Diyos at sinusunod natin ang kanyang mga utos.* **1 JUAN 5:2**

Inutusan tayo ni Jesus na mahalin ang Diyos at ang isa't isa (Mateo 22:37,38). Kung tunay tayong ipinanganak sa Diyos at naranasan natin ang dakilang pag-ibig Niya para sa atin, maipapakita rin natin ito sa Diyos at sa Kanyang mga anak. Gaano ka kamahal ng Diyos? Papaano ka nabago ng higit mong pang-unawa sa pag-ibig Niya?

## 3 Ang isang mananampalataya ay sinusunod ang Diyos.

*Dahil ang tunay na umiibig sa Diyos ay sumusunod sa kanyang utos, at hindi naman mahirap sundin ang kanyang mga utos.* **1 JUAN 5:3**

Bilang mga tagasunod ni Jesus, hindi sapat ang naniniwala lamang tayo sa Diyos. Nakikita dapat sa ating mga galaw ang mga ito. Naipapakita natin ang ating pagmamahal sa Diyos sa pagsunod at pagpapahalaga natin sa Kanya. Ayon sa Santiago 2:17, kung ang ating pananampalataya ay walang kasamang gawa, ano ito? Bakit hindi pabigat ang Kanyang mga utos?

## 4 Ang isang mananampalataya ay mapagtatagumpayan ang mundo.

*[4]Sapagkat ang bawat anak ng Diyos ay nagtatagumpay laban sa mundo. Napagtatagumpayan niya ito sa pamamagitan ng pananampalataya. [5]At sino ba ang nagtatagumpay laban sa mundo? Ang sumasampalataya na si Jesus ay Anak ng Diyos.* **1 JUAN 5:4,5**

Dahil sa ating paniniwala sa Diyos na kung sino Siya, tayo ay mga matagumpay. Bilang mga mananampalataya, ang mga pagsubok, paghamon, at paghihirap na ating nararanasan sa mundo ay hindi makakahatak sa atin pababa—hindi dahil sa atin, kundi dahil sa kung sino ang Diyos at dahil mas pinipili nating maniwala sa Kanya. Ano ang ibig sabihin ng magtagumpay? Kung wala ang Diyos, sa tingin mo magtatagumpay ka sa mundong ito? Bakit hindi?